

BRIEFER SA

EXECUTIVE ORDER NO. 138, s. 2021

AT SA MGA TUNTUNIN AT REGULASYONG NAGPAPATUPAD DITO

Ganap na Paglilipat ng mga Piling Tungkulin ng Sangay Ehekutibo patungo sa Lokal na Pamahalaan, Paglikha ng Lupon sa Debolusyon, at para sa Iba pang mga Layunin

Ano ang EO No. 138, s. 2021?

Pinagtibay ang EO No. 138, s. 2021 upang itaguyod ang episyenteng pagpapatupad ng hatol ng Korte Suprema sa kasong Mandanas-Garcia at upang palakasin ang awtonomiya at pagbibigay-kapangyarihan (empowerment) sa mga yunit ng lokal na pamahalaan (LGU). Iniaatas nito ang ganap na paglilipat ng mga piling tungkulin ng Sangay Ehekutibo patungo sa mga LGU. Nililikha rin nito ang isang Lupon sa Debolusyon upang mamonitor ang implementasyon ng naturang EO.

Ano ang Hatol ng Korte Suprema sa Kasong Mandanas-Garcia?

Noong 2018, naghatol ang SC na ang karampatang bahagi (just share) ng mga LGU sa pambansang buwis ay hindi lamang limitado sa "pambansang buwis sa rentas internas" na nakolekta ng Bureau of Internal Revenue, kundi kasama na din ang mga koleksiyon (customs duties) ng Bureau of Customs, at iba pang ahensiya para sa pagbubuwis. Dahil sa inaasahang pagtaas ng karampatang bahagi ng mga LGU mula sa pambansang buwis, higit silang magiging handa na tanggapin ang responsabilidad sa pagbibigay ng mga nailipat na serbisyo alinsunod sa Seksiyon 17 ng Local Government Code ng 1991 (RA 7160) at iba pang mga kaugnay na batas.

Aling mga entidad pampamahalaan ang nasasaklaw ng EO na ito?

- Lahat ng mga LGU
- Mga kagawaran/ahensiya/ instrumentalidad ng Sangay Ehekutibo na ang tungkulin ay kahanay ng mga nailipat na tungkulin sa mga LGU sa ilalim ng Seksiyon 17 ng RA No. 7160 at iba pang mga kaugnay na batas.



Nasasaklaw ba ng EO na ito ang BARMM?

Hindi pinag-uutos ang pagpapatupad ng EO No. 138 para sa mga LGU ng BARMM dahil nasasaklaw sila ng RA No. 11054 o Organic Law for the BARMM. Gayunman, ang Gobyernong BARMM ay hindi pinagbabawalang ipatupad ang mga probisyon ng EO na sa tingin nito ay naaangkop sa mga LGU na nasa hurisdiksiyon nito.



Ano ang mga tungkulin at serbisyong ililipat?

Ang mga tungkulin, serbisyo, at pasilidad na ganap na ililipat ay ang mga natukoy sa Seksiyon 17 sa Local Government Code ng 1991 at sa iba pang umiiral na batas na naglilipat ng tungkulin ng mga Pambansang Pamahalaan (NG) sa mga LGU. Kasama ngunit hindi limitado sa sumusunod ang mga tungkulin/serbisyo na gagampanan ng mga LGU:



Serbisyong pangkalusugan



Serbisyong pang-agrikultura




Serbisyo sa lokal na impraestruktura



Serbisyo sa pamamahala ng likas na yaman



Serbisyo sa kagalingang panlipunan



Serbisyo sa turismo

Tala: Ang talaan ng mga nailipat na tungkulin at serbisyo alinsunod sa RA No. 7160, at iba pang umiiral na batas, ay matatagpuan sa Annex C at Annex D ng DBM-DILG Joint Memorandum Circular No. 2021-1 may petsang Agosto 11, 2021. (<https://www.dbm.gov.ph/wp-content/uploads/Issuances/2021/Joint-Memorandum-Circular/DBM-DILG-JOINT-MEMORANDUM-CIRCULAR-NO-2021-1-DATED-AUGUST-11-2021.pdf>)

Ano ang talatakdan para sa paglilipat alinsunod sa EO?

Ang ganap na paglilipat ng mga tungkulin mula sa Pambansang Pamahalaan patungo sa LGU ay isasagawa sa loob ng tatlong taon na transisyon mula FY 2022 hanggang FY 2024.

Ano ang mga Devolution Transition Plan (DTP)?

Upang matiyak ang maayos na pagpapatupad ng ganap na paglilipat, ang lahat ng mga LGU at kinauukulang ahensiya ng pambansang pamahalaan ay kinakailangang maghanda ng kani-kanilang DTP batay sa sumusunod na tuntunin:

- Para sa mga LGU - DBM-DILG Joint Memorandum Circular (JMC) Blg. 2021-1 may petsang Agosto 11, 2021
- Para sa mga NGA - DBM-DILG JMC Blg. 2021-2 may petsang Agosto 12, 2021

Ano ang dapat na nilalaman ng DTP?

NGA DTP:

- Mga estratehikong direksiyon/shift
- Pagtatalaga ng mga tungkulin, serbisyo, at pasilidad na nailipat sa bawat level ng lokal na pamahalaan
- Mga pamantayan para sa paghahatid ng mga serbisyong nailipat
- Estratehiya para sa pagpapaunlad ng kapasidad ng NGA
- Estratehiya para sa pagpapaunlad ng kapasidad ng LGU
- Balangkas sa pagmomonitor at pagtatasa ng mga performans
- Panukala sa epektibidad ng organisasyon

LGU DTP:

- Estado ng mga nailipat na tungkulin, serbisyo, at pasilidad
- Pagyuyugto ng ganap na paglilipat ng mga tungkulin, serbisyo, at pasilidad
- Adyenda sa pagpapaunlad ng kapasidad
- Mga panukalang pagbabago sa estrukturang organisasyonal at staffing pattern
- Pagtataya (forecast) sa lokal na kita (revenue) at estratehiya sa mobilisasyon ng mga risorses
- Mga target sa pagpapatupad ng mga nailipat na mga tungkulin at serbisyo



Ano ang mga responsabilidad ng Lupon sa Debolusyon?

Ilan sa mga tungkulin ng Lupon sa Debolusyon (ComDev) ay ang sumusunod:

- Mangasiwa at magmonitor sa pagpapatupad ng mga layunin ng desentralisasyong administratibo at piskal ng EO No. 138, alinsunod sa inenmiyendahang RA No. 7160;
- Magsuri sa estado at magmonitor sa pagpapatupad ng mga DTP ng mga NGA at LGU;
- Magresolba ang mga isyu at usapin na kaugnay sa pagpapatupad ng EO No. 138; at
- Bumuo ng matatag na plano at estratehiyang pangkomunikasyon sa pagpapatupad sa publiko at iba pang stakeholder hinggil sa paghahati ng mga tungkulin ng NGA at ng LGU, at ang kaukulang mga pananagutan.

Ano ang papel na ginagampanan ng mga Non-Government Organization (NGO), Civil Society Organization (CSO), at People's Organization (PO) sa paglilipat?


Itinatadhana ng Seksiyon 38 at 39, Rule XII, ng IRR ng EO No. 138 ang papel na ginagampanan ng mga NGO, CSO, at PO. Kinikilala ang kanilang mahalagang bahagi sa pagpapabuti ng transparensi, pananagutan (accountability), at mabuting pamamahala bilang aktibong bahagi ng pagtataguyod sa lokal na awtonomiya. Ilan sa mga papel ang sumusunod:

- Pagbibigay ng feedback sa mga programa, aktibidad, at proyekto ng pamahalaan;
- Pagtataguyod ng iba't ibang adbokasiya at inisyatiba;
- Paglikha ng mga plano, patakaran, at kautusan; at
- Pagpapatupad ng mga programa sa pagpapaunlad ng kapasidad at iba pang aktibidad.


Dagdag dito, hinihikayat ang mga NGO, CSO, at PO na lumahok sa paghahanda, pagpapatupad, at pagmomonitor ng mga DTP ng mga NGA at LGU sa pamamagitan ng konsultasyon at pampublikong diyalogo.

Ang mga kinatawan mula sa CSO at PO na kasapi ng Lokal/Barangay Development Council ay magiging bahagi ng LGU Devolution Transition Committee.

LUPON SA DEBOLUSYON



REHIYONAL NA COMDEV



Ano ang Growth Equity Fund (GEF)? May karapatan ba ang lahat ng LGU sa GEF?

Alinsunod sa Seksiyon 8 ng EO No. 138, s. 2021 at sa Seksiyon 40 ng Mga Tuntunin at Regulasyong Nagpapatupad Nito (IRR), ang GEF ay nakonseptuwalisa upang matugunan ang mga isyu sa marginalisasyon, di-pantay na pag-unlad, mataas na insidente ng kahirapan, at pagkakaiba-iba sa netong kita ng mga LGU.

Sa gayon, hindi lahat ng mga LGU ay may karapatan sa GEF. Nilalayong dagdagan ang nakalaang pambansang buwis, ang GEF ay maaaring magamit ng mga mahirap, disadvantaged, at nahuhuling LGU na walang kakayahang pampinansiya na makapaglaan ng mga pondo [i.e. mga LGU na may mataas na insidente ng kahirapan, mababang kapasidad pampinansiya, at sa mga geographically isolated and depressed area], at may kahinaang teknikal sa pagpapatupad ng mga serbisiyong nailipat. Ang kinakailangang halaga ng GEF ay dapat na isama ng DBM sa National Expenditure Program simula FY 2022.

Ano ang mangyayari sa mga empleado ng NGA na maaapektuhan ng ganap na paglilipat?

- Ang mga permanenteng empleado at mayroong appointment na pinagtibay ng Komisyon sa Serbisyo Sibil na maaapektuhan ng ganap na paglilipat ay mayroong opsiyon na:
 - Mag-aplay para lumipat sa ibang kaukulang yunit/ opisina sa kagawaran/ahensiya/GOCC, nang walang pagbaba sa suweldo
 - Mag-aplay para lumipat sa ibang kagawaran/ ahensiya/ GOCC sa Sangay Ehekutibo, nang walang pagbaba sa suweldo
 - Piliin ang benepisyo sa pagreretiro at insentibo sa pagtitiwalag alinsunod sa Seksiyon 13 ng EO No. 138
 - Mag-aplay sa mga bakanteng posisyon na magsasagawa ng mga nailipat na tungkulin sa mga kinauukulang LGU alinsunod sa pasiya ng mga LGU
- Ang mga apektadong empleado na umookupa sa mga aytem na medikal/allied-medikal ay maaaring mag-aplay para mailipat sa isang ospital na pinangangasiwaan ng Kagawaran sa Kalusugan na kanilang napili.
- Ang mga apektadong empleado na kaswal o kontraktual na gumaganap ng mga nailipat na tungkulin sa kinauukulang NGA ay maaari ding mag-aplay para sa bakanteng posisyon sa mga kinauukulang LGU.

Para sa layuning ito, mag-iisu ang DBM at ang DILG ng isang joint memorandum circular sa pakikipagtulungan sa Komisyon sa Serbisyo Sibil.



Kinakailangan bang iabsorb/ kuhanin ng mga LGU ang mga apektadong NGA empleado?

Hindi. Alinsunod sa Seksiyon 24 ng IRR ng EO No. 138, hindi pipilitin ang mga LGU na kuhanin ang sinumang empleadong apektado ng pagpapatupad ng EO No. 138. Gayunman, kung nanaisin ng LGU na kuhanin ang mga gayong empleado, mapapasailalim sila sa sistema ng kompensasyon ng kinauukulang LGU, at ang gayong muling pag-emploo ay ituturing na bagong pagpasok sa serbisyo sibil. Para sa layuning ito, ang apektadong empleado ay lalagda ng isang waiver o manipestasyon na tinatanggap nila ang gayong mga term bilang kondisyon ng pag-emploo sa kanila sa LGU.



Inilathala ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala ng Filipinas
Serbisyon Impormasyon sa Badyet at Pagsasanay
Isinalin sa Filipino ng Sangay ng Salin—Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
(may mga input mula sa Systems and Productivity Improvement Bureau and Local Government and Regional Coordination Service)